**MGA MAHALAGANG SALIK PARA SA PAGBABAWI NG BUHAY-EKKLESIA**

(Sabado—Unang Sesyon sa Umaga)

Mensahe Apat

**Ang Salik ng Awtoridad sa Katawan ni Kristo at sa mga Ekklesia-Lokal**

Babasahin sa Kasulatan: Roma 9:23; Mat. 28:18; Efe. 1:22-23; Heb. 4:16; Apoc. 4:2; 22:1-2

**I. Ang Diyos ang may kataas-taasang awtoridad; taglay Niya ang lahat ng awtoridad—Roma 9:21-22:**

A. Ang awtoridad ng Diyos sa katunayan ay ang Diyos Mismo; ang awtoridad ay nagmumula sa sariling katauhan ng Diyos—Apoc. 22:1.

B. Lahat ng awtoridad—espiritwal, posisyonal, at pampamahalaan—ay nagmumula sa Diyos—2 Cor. 10:8; 13:10; Juan 19:10-11; Gen. 9:6.

C. Ang makilala ang awtoridad ay isang panloob na pahayag sa halip na isang panlabas na pagtuturo—Gawa 22:6-16.

D. Ang Panginoong Hesus ay isang tao na nasa ilalim ng awtoridad; ibinaba Niya ang Kanyang sarili, ginawa ang kalooban ng Ama, at naging masunurin hanggang sa kamatayan, maging sa kamatayan ng krus—Mat. 8:9; Juan 4:34; 6:38; Fil. 2:7-8.

E. Sa Kanyang pagkadibino, bilang bugtong na anak ng Diyos, ang Panginoon ay may awtoridad sa lahat, subalit sa Kanyang pagkatao, bilang Anak ng Tao at Hari ng makalangit na kaharian, lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa ay ibinigay sa Kanya pagkaraan ng Kanyang pagkabuhay na muli—Mat. 28:18.

F. Ngayon bilang Pinuno ng mga hari sa lupa, ang itinaas ng Diyos na Hesus ay ang Pinuno sa lahat ng nasa kapangyarihan; Siya ang pangulong Pinuno sa dibinong pamahalaan para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang plano ng Diyos—Gawa 2:23, 36; 5:31; Apoc. 1:5.

G. Sa pag-akyat ni Kristo sa kalangitan ay ginawa Siya ng Diyos na namumukod-tanging Ulo ng Katawan, ang ekklesia, at pinasinayaan Siya tungo sa pagkaulo ng sansinukob; ang Ulo ng buong sansinukob ay si Hesus—Col. 1:18; Gawa 2:36; Efe. 1:22-23.

**II. Si Kristo ay kapwa ang pansama-samang Ulo ng Katawan, ang ekklesia, at ang pang-indibidwal ng lahat ng mananampalataya; Siya ang direktang Ulo ng bawa't isa sa atin, at tayong lahat ay nasa ilalim ng Kanyang awtoridad—Col. 1:18; 1 Cor. 11:3:**

A. Ang maging Ulo si Kristo ay ang taglayin Niya ang lahat ng awtoridad sa Katawan—Roma 9:21, 23; Mat. 28:18:

1. Ang Katawan ay hindi maaaring kumilos nang malaya; makakakilos lamang ito sa patnugot ng Ulo.
2. Ang awtoridad upang magpatnugot sa Katawan at lahat ng sangkap nito ay nakasalalay sa Ulo.

B. Kung tayo man ay nasa ilalim ng awtoridad ng Ulo ay pinagpapasyahan ng kung nalalaman natin ang buhay ng Katawan—1 Cor. 11:3; Efe. 4:15-16; Col. 1:18; 3:4:

1. Ang Katawan ay maaari lamang magtaglay ng isang Ulo at makapagpapasakop lamang sa isang Ulo—1:18.

2. Tanging si Kristo ang namumukod-tanging Ulo, at dapat tayong magpasakop sa Kanya, nagpaparangal at nagpapatotoo sa namumukod-tanging pagkaulo ng naitaas ng Diyos na Kristo—Efe. 1:22-23; Mat. 23:8-12.

C. Upang mamuhay sa Katawan, kailangan nating kilalanin ang awtoridad sa Katawan—Efe. 1:22-23; Col. 1:18; 2:19:

1. Hinggil sa awtoridad sa Katawan, una at ang pangunahin ay ang pangangailangan para sa awtoridad ng Ulo na dumadaloy sa buong Katawan—Efe. 5:23-24:

a. Kapag nagpasakop tayo nang direkta sa Ulo, pinangangalagaan din natin ang Katawan; imposible para sabihin natin na nagpapasakop tayo sa awtoridad ng Ulo nang hindi nagpapahalaga sa Katawan.

b. Tanging ang Panginoon ang ating Ulo, at tanging Siya ang may awtoridad upang magpatnugot sa mga pagkilos ng mga sangkap ng Kanyang Katawan.

2. Sa loob ng Katawan, ang mga matanda at mga apostol ay mga kinatawang awtoridad, isinasagawa ang awtoridad ng Ulo—Gawa 14:23; 1 Tim. 5:17a; 1 Cor. 12:28:

a. Sa isang panig, lahat ng sangkap ng Katawan ay direktang nagpapasakop sa Ulo—Efe. 5:24a.

b. Sa kabilang panig, ang mga sangkap ay nagpapasakop sa mga kinatawan ng Ulo—Heb. 13:17.

**III. Ang kaayusan ng ekklesia ay nagmumula sa awtoridad sa ekklesia—ang pagpaparangal sa namumukod-tanging pagkaulo ni Kristo—Col. 1:18; Fil. 1:1:**

A. Sa ekklesia ay walang pantaong organisasyon, subalit mayroong espiritwal na kaayusan—b. 1; 1 Cor. 14:40; 11:34b.

B. Ang Ulo ng ekklesia ay si Kristo na Panginoon, at ang awtoridad sa ekklesia ay ang pagkaulo ni Kristo—Mat. 28:18; Col. 1:18.

C. Sa ekklesia ay dapat mayroong kaayusan, subalit ang kaayusang ito ay nagmumula sa pagkaulo ni Kristo—Efe. 1:22-23.

D. Makapagtataglay tayo ng tunay na pagsasagawa ng buhay-ekklesia sa pamamagitan lamang ng namumukod-tanging pagkaulo ni Kristo—Col. 1:18; 2:19:

1. Nagmumula ang kaayusan sa ekklesia sa pagkaulo ni Kristo na natatanto natin sa isang praktikal na paraan—1 Cor. 11:3, 16; Efe. 1:22.

2. Kung wala tayong espiritwal na kaayusan sa ekklesia na nagmumula sa pagkatanto ng pagkaulo ni Kristo sa isang praktikal na paraan, walang posibilidad na maisagawa natin ang tunay na buhay-ekklesia—1 Cor. 11:3; 14:40.

**IV. Sa ekklesia, ang awtoridad ng Diyos ay inihahayag at kinakatawan sa pamamagitan ng mga apostol at mga matanda—12:28; 1 Ped. 5:1-3:**

A. Nagtalaga ang Diyos ng mga matanda at mga apostol upang maging awtoridad sa ekklesia—1 Cor. 12:28; Gawa 14:23.

B. Ang mga apostol at mga matanda ay walang awtoridad sa kanilang mga sarili; mayroon lamang silang awtoridad habang nakatayo sila sa ilalim ng awtoridad ng Ulo; ineensayo nila ang awtoridad sa ekklesia sa pamamagitan ng pagkakatawan ng awtoridad ng Ulo.

C. Upang maipakita ang Kanyang awtoridad sa ekklesia, nagtalaga ang Diyos ng mga matanda sa bawa’t ekklesia-lokal upang kumatawan sa Kanyang awtoridad—b. 23; Tito 1:5:

1. Sa pansansinukob na ekklesia, mayroong katungkulan ng mga apostol, na nagbibigay sa mga apostol ng posisyon at karapatan upang magtalaga ng mga matanda para sa pangangasiwa ng mga ekklesia-lokal—1 Cor. 12:28; Gawa 14:23; Tito 1:5.
2. Ang Espiritu Santo ay kaisa ng mga apostol sa kanilang pagtatalaga ng mga matanda, at ginawa ito ng mga apostol ayon sa pangunguna ng Espiritu Santo—Gawa 20:28.
3. Ang awtoridad ng mga matanda ay para sa pagkakatawan at paghahayag ng awtoridad ng Diyos—1 Ped. 5:1-3.
4. Ang pangunahing responsabilidad ng mga matanda bilang mga tagapangasiwa ay hindi ang mamuno kundi ang magpastol, magkaroon ng nagpapaloob ng lahat na maingat na pag-aalaga sa kawan, ang ekklesia ng Diyos—Gawa 20:28.
5. Ang prinsipyong ayon sa kasulatan na may kinalaman sa pagkamatanda ay pangmaramihan; dahil sa pangmaramihan ng pagkamatanda, walang tiyak na lider, at ang namumukod-tanging pagkaulo ni Kristo ay itinuturing, pinipreserba, ginagalang—14:23; Tito 1:5.
6. Sa buhay-ekklesia, kailangan nating sumunod sa mga nangunguna sa atin at magpasakop sa kanila (Heb. 13:17); kung hindi tayo makapagpapasakop sa itinalagang kinatawan ng awtoridad ng Diyos, hindi tayo makapagpapasakop sa Diyos.

**V. Mayroong dibinong pamahalaan sa buhay-ekklesia ngayon, at ang pamahalaang ito ay nagmumula sa trono ng Diyos at ng Kordero—Apoc. 22:1-2:**

A. Ang dibinong awtoridad sa ekklesia ay upang ipamahagi ng Diyos ang Kanyang sarili tungo sa atin bilang buhay, bilang panustos-buhay, at bilang nagpapaloob ng lahat na biyaya; sa pamamagitan lamang ng pagpapasakop sa trono na makababahagi tayo sa Kanyang sumasapat ng lahat na pinagmulan ng dumadaloy na biyaya—2 Cor. 13:14; Apoc. 22:1-2, 16a.

B. Ang trono ng biyaya sa Hebreo 4:16 ay ang trono ng awtoridad sa Apocalipsis 4, na sa Apocalipsis 22:1-2 ay nagiging trono ng Diyos at ng Kordero, kung saan dumadaloy ang "isang ilog ng tubig ng buhay, sinlinaw ng kristal" (b. 1):

1. Bagama't ang trono ay ang trono ng awtoridad, ang trono ng pagkaulo, mula sa trono ay dumadaloy ang ilog ng tubig ng buhay—b. 1.
2. Ang katunayan na ang trono ay hindi lamang ang trono ng Diyos kundi ang trono ng Diyos at ng Kordero ay nangangahulugan na ang Diyos sa loob ng Kordero ay dumadaloy bilang biyaya para sa ating pagtatamasa:
   a. Hindi natin dapat ihiwalay ang awtoridad mula sa biyaya o ang biyaya mula sa awtoridad; ang biyaya at awtoridad ay iisa—Heb. 4:16; Apoc. 22:1.
   b. Sa tuwing dumudulog tayo sa tronong ito, mayroon tayong pandama na ang biyaya ng Diyos ay gaya ng isang ilog na dumadaloy tungo sa atin—Heb. 4:16; Apoc. 22:1-2.
3. Ngayon, ang Panginoong Hesus ay hindi lamang naghahari nang may awtoridad; Siya ay naghahari sa ekklesia, sa gitna ng mga ekklesia, at sa ibabaw ng lahat ng ekklesia sa pamamagitan ng pagdaloy ng Kanyang buhay bilang biyaya—4:2-3; 5:6; 7:9; 22:1-2.

C. Ang trono, ang awtoridad, ng Diyos at ng Kordero ay hindi lamang ang pinagmulan ng dibinong administrasyon; ito rin ang pinagmulan ng dibinong salamuha—bb. 1-2:

1. Ang awtoridad at salamuha ay dalawang linya sa loob ng Katawan—1 Cor. 11:3; 12:12-13, 18; 1:9; 10:16-17.
2. Samantalang ang trono ay isang bagay ng awtoridad, ang dumadaloy na ilog ay isang bagay ng pagsasalamuha, isinasagisag ng lansangan, na "dalisay na ginto, gaya ng naaaninag na bubog"—Apoc. 21:21:
    a. Ang trono ay kumakatawan sa dibinong awtoridad, at mula sa trono ay dumadaloy ang ilog ng tubig ng buhay upang ating tamasahin ang dibinong pagsasalamuha—22:1-2.
    b. Sa pagsasalamuhang ito ay mayroong dibinong awtoridad, sapagkat sa ekonomiya ng Diyos ang awtoridad ay laging kasama ang pagsasalamuha—2 Cor. 10:8; 13:10, 14.
3. Upang maitayo ang isang ekklesia-lokal sa isang praktikal na paraan, kailangan natin kapwa ang trono ng Diyos at ng Kordero at ang tubig ng buhay, sinlinaw ng kristal, na lumalabas mula sa trono at dumadaloy sa lansangan—Apoc. 22:1-2.

*© 2021 Living Stream Ministry*